# KAPASIYAHAN BLG. 2021-68

**"NAGPAPATIBAY SA APPROPRIATION ORDINANCE NO. 02, S-2021 NG BARANGAY SAN PEDRO, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG GUGULIN (*SUPPLEMENTAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2021 NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON, DALAWANG DAAN PITUMPU'T ANIM NA LIBO, APAT NA DAAN PITUMPU'T ANIM NA PISO AT ANIMNAPUNG SENTIMO (PHP1,276,476.60)."**

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By: ___
Date: SEP 3 Time: 2021

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Melvin H. Melencio**
Tagapangulo
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng San Pedro, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng PhP1,276,476.60;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng Barangay San Pedro at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ng Sangguniang Barangay ng San Pedro ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Appropriation Ordinance No. 02, S-2021 ng Barangay San Pedro, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (*Supplemental Budget*) para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng Isang Milyon, Dalawang Daan Pitumpu't Anim na Libo, Apat na

Daan Pitumpu't Anim na Piso at Animnapung Sentimo (PhP1,276,476.60).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-31 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-31 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim